

YOLANDA

INIHAHANDOG NG SINE PROLETARYO: MGA KWENTO NG
REBOLUSYONARYONG PANANAIG SA KALAMIDAD



Inilalathala ng

Sine Proletaryo

Pambansang Kawanihan sa Impormasyon

Partido Komunista ng Pilipinas

Disyembre 2014

Nilalaman

Introduksyon 4

Paigtingin ang digmang bayan sa pagharap
sa kalamindad na dulot ng bagyo at bulok na gubyrno 5

Mga senaryo mula Ormoc City tungong Tacloban 8

Ulat mula sa Panay 10

Ka Sanny 12

Ka Concha 14

Ka Bryan 16

Ka Carling 18

Ka Naro 20

Ka Randy 22

Ka Binoy 25

Ka David 26

Ka Nic 28

Ka Inday 30

Ka Yeng 31

Ka Maui at Ka Santos 33



Introduksyon

Dalawang tim ng Sine Proletaryo (SP) ang ipinadala nitong Oktubre sa dalawang rehiyon sa Visayas na matinding sinalanta ng superbagyong Yolanda (Haiyan). Ang unang tim ay tumulak sa Eastern Visayas at ang pangalawa ay pumunta sa Panay.

Layunin ng Sine Proletaryo na gumawa ng bidyo na magpapakita kung papaano napangibabawan ng rebolusyonaryong mga pwersa at mamamayan ang mga hamon para makabawi sa salantang idinulot ng superbagyong Yolanda. Tungo rito, nakipagtalastasan ito para makapanayam ang mga kasapi at kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB) at kinatawan ng National Democratic Front (NDF) at mamamayan sa pinakaapektadong mga larangang gerilya.

Katuwang ang mga yunit sa propaganda ng dalawang rehiyon, isinagawa ang pagkuha ng mga bidyo at mga panayam sa ilalim ng tungki ng kaaway. Parehong nakaalerto ang mga *host* na yunit sa EV at Panay sa panahon ng produksyon.



Sa EV, nakataas ang *red alert* mula unang araw pa lamang ng tim sa lugar. Sa Panay, hindi lumalayo sa pwesto ng BHB ang kaaway. Sa pamamagitan ng mahigpit na pakikipag-ugnayan sa nakapaligid na mga sangay ng Partido sa lokalidad at milisyang bayan, napangibabawan ang mga limitasyong idinulot nito.

Ginampanan ng *host* na yunit ng BHB ang samutsaring “papel” sa produksyon. Nagsilbi ang mga Pulang mandirigma bilang mga aktor, *crew*, ekstra, asistant, “taguyod” sa kusina, pwersang panseguridad, mananayaw, manganganta, tagaaliw, tagasalin at kung anu-ano pa. Inigpawan nila ang kanilang likas na pagkamahiyain at pag-aalinlangang humarap sa kamera. Tumulong sila sa paghahanap ng mga lokasyon at nagbigay ng mga rekomendasyon para interbyuhin. Wala silang reklamo sa matatagal at paulit-ulit na pagkuha ng mga bidyo. Dulot ng masigla at walang kapaguran nilang paglahok, hindi naging sagabal ang mga limitasyon sa tereyn, kagamitan, karanasan at lenggwahe.

Paigtingin ang digmang bayan sa pagharap sa kalamidad na dulot ng bagyo at bulok na gubyrerno

Editorial, *Ang Bayan*, Nobyembre 7, 2014



Sa pamumuno ng Partido at maagap na pagkilos ng mga rebolusyonaryong pwersa, tuluy-tuloy na isinulong ng mamamayang Pilipino ang rebolusyonaryong kilusan sa pagharap nila sa kalamidad na dulot ng bagyo at bulok na gubyrerno ni Aquino.

Nagkamit ang mamamayan ng makabuluhang mga tagumpay kapwa sa pagharap sa kagyat na banta ng kagutuman at sa pangmatagalang layunin ng pagsusulong ng kanilang pakikibaka laban sa iba't ibang anyo ng pagsasamantala at pagpapahirap. Puspulang nalanat ang pagkainutil ng rehimeng US-Aquino at nilabanan ang kriminal na kapabayaang nito.

Ang mga nakamit ng mamamayan na tagumpay ay puhunan para ibayo pang paigtingin ng mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa ang digmang bayan. Dapat siguruhin ng Partido at lahat ng rebolusyonaryong pwersa na konsolidahin ang mga tagumpay at bagtasin ang landas ng lahatang-panig na pagsulong.

Dapat anihin ang malakas na bwelo ng kilusang masa kapwa sa loob at labas ng mga larangang gerilya sa anyo ng mabilis na pagpapalawak ng mga nakatayo nang mga ganap na samahang masa o pagbubuo ng mga bago. Dapat mabilis na konsolidahin ang mga tagumpay na ito sa pagbubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa iba't ibang antas.

Bilang pagharap sa sakuna, ipinatupad ang mga plano para kolektibong harapin ng mamamayan ang kanilang mga problema sa kabuhatan. Inorganisa ng samahang masa ang mga kolektibo sa paggawa (*suyuan* o tiklos sa Waray o *binuligay* sa Hiligaynon). Binuksan ang mga komunal na bukirin para sa kolektibong kapakinabangan.

Naging masigla ang pagkilos ng masa sa mga pulong masa at kolektibong produksyon. Napakainam ng sitwasyon upang ilang ulit na buuin at palawakin ang mga ganap na samahang masa at itaas ang antas nito hanggang inter-baryo o munisipal. Susi ang gayong pagta-

taas ng antas ng organisadong lakas upang maging lalong mabisa ang pagkilos ng mga ito.

Naging masigla ang demokratikong inisyatiba ng masa sa pagbubuo, pagpapairal at pagpapatupad ng mga patakaran sa produksyon at ekonomya, depensa, seguridad at iba pang aspeto ng buhay panlipunan. Ang demokratikong inisyatiba na ito, sa esensya, ay paggamit ng kapangyarihang pampulitika at pagsasanay sa sariling paggugubyrerno.

Sa esensya, ang gayong paggamit ng demokratikong inisyatiba ay paggamit ng Pulang kapangyarihang pampulitika. Dapat konsolidahin ang inisyatibang ito at ibayong itaas ang kakayahan ng mamamayan sa pagpapatakbo ng kanilang gubyrerno at pagharap sa mga usapin sa ekonomya, edukasyong publiko, serbisyong medikal, kultura, depensa at pagsusulong ng digma. Ang pagtatatag ng mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo ang magtiyag ng konsolidasyon ng mga natamong tagumpay sa sama-

samang pagharap sa bagyo.

Ang planong binuo sa pagharap sa mga problemang pangkabuhayan ay plano ng pagsusulong ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa. Inorganisa ang mga pakikibakang masa upang ipaglaban ang pagbabawas o pagsususpende ng upa sa lupa, interes sa utang o pagpapatawad sa mismong prinsipal sa utang habang hindi pa nakakabawi ang mga magsasaka.

Sa maraming lugar na ang lupa ay nasa ilalim na ng kapangyarihan ng mga organisasyong masa, binuo ang plano para magpalitaw ng makakaing gulay, paunlarin ang produksyon at itaas ang kita ng mamamayan. Dapat tiyakin ng Partido na nasa namumunong katayuan ang mga maralitang magsasaka sa mga organisasyong masa para tuluy-tuloy nilang mapamunuan ang mga ito sa landas ng mga demokratikong pakikibaka.

Dapat pasiglahin pa ang mga pagkilos upang palawakin ang saklaw ng mga pakikibaka para sa reporma sa lupa at tiyakin na nagsisilbi ito sa interes ng mayorya ng mga naghihirap na magsasaka.

Ang pagsusulong ng reporma sa lupa ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon at prayoridad na usapin sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Sa harap ng mabilis na pagtugon ng BHB sa pangangailangan ng masa sa panahon ng sakuna, lalupang luminaw sa mata ng mamamayan na ang BHB ang tunay nilang hukbo. Parami nang parami ang mga kabataang magsasakang nais sumapi sa BHB. Dapat mabilis na maitayo sa susunod na mga buwan ang bagong mga platun at mga kumpanya ng mga Pulang mandirigma.

Dapat ibayong palakasin ang kakayahang militar ng lahat ng yunit ng BHB at magpunyagi sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Katulad ng paghawak ng BHB ng inisyatiba sa pagpapakilos ng mamamayan sa pagharap sa bagyo,

gayon ding inisyatiba ang dapat kamtin ng BHB sa pakikidigma.

Dapat palakasin ang kakayahan ng mamamayan sa pakikidigmang gerilya sa pamamagitan ng pagpapalawak at pagpapalakas ng mga milisyang bayan. Dapat sanayin ang mga ito at hikayating kamtin ang inisyatiba sa pagkokoordina ng paglulunsad ng tiyak na maipagtatagumpay na mga taktikal na opensiba laban sa nag-ooperasyong mga yunit ng kaaway na pumapasok sa mga larangang gerilya.

Batid ng rehimeng Aquino na ang sitwasyong iniwan ng superbagyo at superinutil na gubyerno ay napakainam para sumulong nang mabilis ang rebolusyonaryong kilusan. Kaya naman kahit abalang-abala pa ang mamamayang bumangon mula sa hagupit ng Yolanda at kaliwa't kanan ang sigaw para itigil ang kanilang mga operasyong militar, hindi tumitigil ang pasistang mga tropa ng 3rd at 8th ID sa panghahalihaw sa mga lugar na aktibo ang BHB at ang mga organisasyong masa sa pagharap at pangigingibabaw sa pinsalang dulot ng bagyo.

Hindi dapat hayaan ang mga tropa ng kaaway na walang-habas na maglunsad ng mga kampanyang mapanupil at mang-abuso sa karapatang-tao. Paigtingin ang mga taktikal na opensiba upang maipamalalas ang labis na galit ng mamamayan sa bulok na gubyerno ni Aquino na bigo sa pagharap sa mga hinaing ng bayan.

Ang sama-samang rebolusyonaryong pagkilos ang tanging daan para harapin ng mamamayan ang mga kalamidad at ang bulok na reaksyunaryong gubyerno. Napatunayan ito hindi lamang sa pagkilos pagkatapos ng Yolanda, kundi maging sa mga nagdaang delubyo tulad ng Pablo, Sendong, Habagat at Ondoy.

Dapat mahigpit na panghawakan ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa ang mga aral at prinsipyo sa pagharap sa mga sakunang dulot ng bagyo at inutil na gubyerno.

Dapat ilantad ang pagkainutil at kawa-



Ang sama-samang rebolusyonaryong pagkilos ang tanging daan para harapin ng mamamayan ang mga kalamidad at ang bulok na reaksyunaryong gubyerno.

lang-malasakit ng reaksyunaryong guberno sa kapakanan ng mga inaapi at pinagsasamantalang uri sa panahon ng kalamidad. Dapat makita ng mamamayan na ang hambalos ng kalikasan ay pinakamatindi at pinakamalupit laban sa masang inaapi at pinagsasamantalahan. Ilusyon ang sinasabing pantay-pantay ang lahat sa harap ng kalikasan.

Kilusang protesta ang tanging sandata ng mamamayan para igiit ang nararapat na pondong pang-ayuda para sa mga nakaligtas sa sakuna. Ang sigaw para sa angkop na halagang pondong pang-ayuda ay hindi paglilimos kundi paggigiit ng katarungan at pagsingil sa kabiguan ng reaksyunaryong estado na garantiyahan ang kagalingan, kaligtasan at kabuhayan ng mamamayan.

Ang paghahanda sa mga natural na kalamidad ay kabilang sa mga responsibilidad ng bagong demokratikong gubyernong

bayan. Bahagi ng responsibilidad ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ang pagbubuo ng sistema ng depensang sibil o pagpapakilos ng masa para sa kanilang kapakanan at kaligtasan, pagsaayos ng mga organisasyon para sa pagpapakilos ng ayudang pangkagipitan at iba pa.

Ang pinakamalaking paghahanda na dapat gawin ng mga rebolusyonaryong pwersa ay ang tuluy-tuloy na pagpapalakas ng Partido, hukbong bayan at mga organo ng kapangyarihang pampulitika at pagsusulong at pagpapalaganap ng kilusan para sa reporma sa lupa.

Ang ibayo pang pagsusulong ng digmang bayan tungo sa mas mataas na yugto ang pinakamahalagang dapat gawin upang mapalakas ang kakayahan ng mamamayan at kanilang rebolusyonaryong kilusan sa pagharap sa sakuna ng bagyo at bulok na gubyrno. **SP**





Mga senaryo mula Ormoc City tungong Tacloban City

Halos pare-pareho ang masasagap na mga eksena ng kamera—ang nakakalungkot na tanawin ng mga sira-sirang gusali na parang mga kalansay na kumakaway, nakahilerang “tent cities,” mga hindi nakukumpunang kalsada, mga estudyanteng pilit na pumapasok sa kanilang mga paaralan na sirang-sira ang mga bubong at natitibag na ang mga pader, mga karatula sa daan na humihingi pa rin ng tulong na pagkain, mga nakadapang puno ng saging at ekta-ektaryang putol na mga puno ng niyog na parang inatake ng pesteng *cadang-cadang*. Lalong napanot pa ng kalikasan ang dati nang kalbo na *landslide-prone* na kabundukan ng Leyte.

Hindi mo na talaga kailangan ng anti-gubernong propaganda para magngalit ka sa kriminal na kapabayaang ng inutil na rehimen ng US-Aquino.

Saan man mapadako, walang marinig kundi ang mga kwento ng

mga nakaligtas sa bagyo. Pero walang marinig na kahit isa man lang na nagpasalamat sa gubyrong Aquino. Bakit nga naman sila magpapasalamat sa gubyrong manhid sa kalagayan ng mamamayan?

May ilang pagbabago na ngang makikita, ngunit karamihan sa mga ito ay paimbabaw lamang. Madarama mo pa rin ang lubhang kalungkutan at malalim na galit ng mamamayan sa gubyrong kapag nagsisimula na sila sa pagkwento ng kanilang mapapait na karanasan. Tiyak na aabutin pa ng ilang taon bago tuluyang mahilom ang mapapait na alaala ng Yolanda. Sino nga ba ang basta na lamang makakalimot sa trahedya noong Nobyembre 8, 2013?

“May mga 40 namatay dito,” sabi ng matandang lalaki na nagmamaneho ng traysikad na nirentahan namin habang kumukuha ng bidyo sa San Jose District sa Tacloban City. “May 100 katao ang namatay dito,” turo ng drayber sa dinaanan naming paaralang elementarya sa

Fishermen's Village, isang lugar sa San Jose District. Sama-samang namatay sa loob ng paaralang ito ang mga guro, mga estudyante, kasama ang mga magulang nila.

Tumaas nang hanggang sampung piye ang tubig nang magkasalubong ang alon mula sa dagat at ang *flash flood* mula sa kabundukan, kwento niya sa amin. “Dyan sa Astrodome na 'yan, libu-libong tao ang sumilong dyan. Akala nila ay ligtas sila roon, pero may ilang daan din ang namatay dyan.” Matatanaw namin ang malaking gusali ng Astrodome habang dumadaan kami sa pampang ng ilog ng Fishermen's Village.

Isa pang malungkot na kwento ng batang traysikad drayber sa San Jose District:

Bandang alas-9 ng umaga nang dumaaan ang Yolanda at bigla na lamang bumaha. Tatlo silang magkakapatid na lalaki na tinangay ng malakas na alon. Lumangoy sila at nang dumaaan sila sa isang *basketball court* ay kumapit ang drayber



ng traysikad sa *board* nito. Hindi siya bumitiw dito hanggang sa humupa ang tubig baha. Pero hindi sinwer-te ang dalawa niyang kapatid na lalaki. Tuluyan silang inanod ng malakas na alon at hindi na niya muling nakita ang mga ito.

Kapag makita mo ang barkong inanod ng alon paahon sa lunsod ng Tacloban ay masusukat mo kung gaano kalakas ang daluyong na tumama sa lugar na ito, na tinaguriang “Ground Zero.”

Wala pa ring permanenteng bahay sina Aling Rosa (hindi tunay na pangalan), *utility worker* ng isang *lodging house*. Nakaligtas siya at kanyang pamilya nang tumakbo sila sa mataas na lugar nang dumaan ang Yolanda. Nakatira lamang sila ngayon sa isang tolda, taliwas sa iniuulat ni DSWD Sec. Corazon “Dinky” Soliman na wala nang nakatirang “evacuees” sa “tent cities” dahil inilipat na silang lahat sa mga permanenteng tirahan.

Mahirap talaga ang kalagayan namin, kwento sa amin ni Aling Rosa. Aniya, “Romualdez Country daw kasi ang

Tacloban.” Kawawa naman silang mahihirap. Nadamay sila sa away ng mga reaksyunaryong angkan ng mga pulitiko sa bansa—ang iringan sa isang banda ng mga pamilyang Aquino at sa isang banda, ng pamilyang Romualdez-Marcos.

(Naaala niyo pa ba na sa harap ng mga kamera ng telebisyon ay sinumbatan ni DILG Sec. Mar Roxas si Tacloban Mayor Alfred Romualdez nang humingi siya ng ayuda sa pambansang gubyerno? Malinaw na sinabi ni Roxas na hindi makakatikim ng ayuda ang Tacloban dahil ang meyor ay kabilang sa angkan ng mga Romualdez.)

Ni isang tulong na bigas o kape mula sa DSWD ay walang natanggap si Aling Rosa. Nabubuhay lamang sila sa tulong ng kanilang mga kakilala at sa kanyang pagtatrabaho bilang *utility worker*.

“Puro lamang daldal ang Lacson na yan!” galit namang sinabi ng matandang traysikad drayber tungkol sa mga sinasabi ni dating Sen. Panfilo Lacson, ang Presidential Assistant on Recovery *and* Rehabilitation. **SP**



Ulat mula sa Panay

Humigit-kumulang tatlong oras naglakad ang pangkat ng Sine Proletaryo at Pulang Madyaas Productions bago nakarating sa lugar ng punong-abalang yunit ng BHB. Bagaman may isinasagawang operasyon ang AFP sa lugar, minabuti ng kumand ng BHB na ituloy ang proyektong bidyo para itampok ang kilusang pagbangon ng mamamayang sinalanta ng bagyong Yolanda. Sabik din ang mga Pulang mandirigma na ibahagi ang kanilang mga karanasan.

Sinalubong ang tim ni Ka Nena na ang pamilya'y kabilang sa mga nakaligtas sa bagyong Yolanda. Nakikituloy siya sa bahay ng isang konsehal ng baryo na pinagtatrabahuhan niya bilang kasamá. Hindi pa nayayari ang kanilang bahay, pero itinuro niya ang ilang yero at

plywood na aniya'y bigay sa kanila ng mga progresibong NGO.

Hindi nakasama si Ka Nena sa ralinung araw na iyon. Ibinahagi niyang parami nang parami silang mga nagrarali dahil sa galit sa guberno ni Aquino. Kung hindi lang dahil sa kakapusan nila sa pamasahe, tiyak na mas marami pa ang makadadalo sa mga kilos-protestang ito. Tiniyak ni Ka Nena na sasama siya sa susunod na rali.

Di pa naglalaon ang pagkukwento ni Ka Nena ay dumating ang mga Pulang mandirigmang sina Ka Jay-r at Ka Justin para sunduin ang pangkat ng SineProl. Ilang minuto lamang na lakad, pagtawid ng ilog, ay naroon na kami sa lugar na pinupwestuhan ng isang platun ng hukbo. Kumustahan, pakilanlan, timplahan ng kape at oryentasyon. Mag-aalasingko pa lamang ng hapon, pero madilim-dilim na ang

paligid. Kumain kami ng maagang hapunan at bago kumagat ang dilim ay inihatid ang pangkat sa tutuluyan nitong bahay.

Kinabukasan, tumuloy ang tim sa “posting” ng mga kasama. Dati nang tinigilan ng yunit ang lugar. Makikita pa ang mga giniba nang lumang istruktura ng kampo sa gitna ng kawayanan. Iilan na lamang ang ganitong lugar sa erya na kaya pang magkamoplahe sa platun. Ang kalakhan ng paligid ay palayan at maisan. Malaking bahagi ang maisan na tinatamnan ng BT corn. Isa itong uri ng mais na genetically modified, hindi kinakain ng taumbaryo at kabilang sa isyu na ikinakampanya ng Hukbo para sa pagpapalit-tanim pabor sa mani at iba pang produkto.

Sa gitna ng konstruksyon ng kampo, nagpulong ang tim ng video project at ang mga kadre sa



teritoryo. Mayroon nang naunang komunikasyon kaugnay sa proyekto, kaya ilang detalye ang tinuktukan ng pag-uusap.

Magiliw ang mga mandirigma sa pagdating ng tim ng SP. Subalit may pangkalahatang hibo ng lungkot sa buong platoon. Sa araw na iyon, isang linggo pa lamang na pumanaw ang pangalawang kalihim ng komiteng larangan, si Ka Agnes, na siya ring pangunahing kadre ng Partido na tumutok sa gawaing rehabilitasyon para sa mga biktima ng bagyong Yolanda.

Ganoon pa man, hindi ito naging hadlang para maipursi-ge ang mga balak at matugunan ang mga pangangailangan para sa paglalabas ng bidyo para sa unang taong anibersaryo ng pananalasa ng bagyong Yolanda at iba pang kaakibat na proyekto.

Sa kabuuan, walong Kasama ang nakapanayam ng SP at nakunan ng bidyo at litrato. Nag-umpisa sa mga kadre ng teritoryo, mga Pulang mandirigma, lokal sa sangay ng Partido, at mga kasapi at lider ng organisasyong masa at milisyang bayan. May mga kuha rin sa kabuuang pwersa ng Hukbo para magsilbing istak na bidyo para magamit sa susunod na mga proyekto. Higit sa lahat, nakunan ng bidyo ang mga taumbaryong naggagapas na ng kanilang palay na bunga ng mahigpit na pakikipagtu-lungan nila sa Hukbo.

Kinailangan ng isang Kasamang matatas managalog para magsilbing interpreter. Mas kumportable ang mga Kasama sa Hukbo at lokalidad na magsalita sa lokal na lenggwahe nila, ang Hiligaynon.

Sa kalahatan, dumaloy nang maayos ang mga panayam. Bawat isa sa mga ininterbyu ay halos nanggigigil sa galit kapag isinasalaysay na ang kainutilan ng gubyr-nong lokal at nasyunal sa pagtrato sa mga nakaligtas sa Bagyong Yolanda sa lugar at kung paano hinarap ang sakuna. Inspirado naman silang talakayin ang kabayanihan at pagtulog ng mga Pulang mandirigma at ang pagkilos ng taumbayan para ibangon ang kanilang buhay at kabuhayan.

Nang matapos na ang unang bugso ng gawain kaugnay ng proyektong bidyo, nagmando na ang kumand na kailangan nang maihatid patawid sa ilog ang mga Kasamang kailangang lumabas dahil baka lumakas ang ulan at di kayaning makatawid bunga ng malakas na agos.

Sa tinuluyang bahay idinaos ang parangal kay Kasamang Salvacion V. Mendoza na mas kilala sa lugar bilang Ka Agnes/Ka Rita na namatay dahil sa pneumonia. Emosyunal ang gabing iyon. Naghandog ng awit, tula at mga salaysay ang mga Kasama bilang pagpupugay sa kabayanihan at mabubuting ginawa ni Ka Agnes, di lamang sa dahil sa kanyang ambag sa pagpapaunlad ng teritoryo, kundi, higit sa lahat, sa kampanyang pagbangon ng masa mula sa pagkalanta na dulot ng Bagyong Yolanda.

Pagkatapos ng mga kuha at panayam, payak lamang ang paalam ng nagsilbing punong-abala ng SP.

“Ingat palagi mga kasama” habang kadaop ang aming mga palad. **SP**



Ka Sanny

Fr. Santiago Salas
Tagapagsalita
National Democratic Front
Eastern Visayas

Muling nakapanayam ng Sine Proletaryo si Santiago “Ka Sanny” Salas, ang tagapagsalita ng National

Democratic Front sa Eastern Visayas nang dumalaw kami sa rehiyon nitong Oktubre. Una namin siyang nakapanayam noong Nobyembre 2013, may ilang araw lamang ang nakararaan mula nang humagupit ang Yolanda sa kalakhan ng Visayas at bahagi ng Southern Tagalog.

Masayahing kasama pa rin siya. Sa mga bagong nakakakilala kay Ka Sanny, tila бага wala itong pina-pasang mga problema gayung malaki ang epekto ng nagdaang superbago sa kabuhayan ng mamamayan.

“*The hills are alive....* (buhay ang kabundukan....)” biglang kanta ng dating paring Katoliko na ngayo’y Marxistang gerilya, ng paborito niyang awitin mula sa *musical* na “*Sound of Music.*” Habang kinakan-ta niya ito ay itinuturo niya sa amin ang bughaw-luntiing kabun-

dukan at ang inaaning gintong palay sa mga kaingin ng mga *parag-uma* (magsasaka).

Matindi ang pinsalang idinulot ng Yolanda sa kabuhayan ng mamamayan sa Eastern Visayas.

Ang mga niyog na siyang mayor na kabuhayan ng mamamayan dito, ayon kay Ka Sanny, ay tulad ng mga palito ng posporong nangabuwal. Umabot sa P41 bilyon ang halaga ng mga nasirang niyugan—na aabot pa nang sampung taon bago muling magkabunga; P7 bilyon ang nasira sa industriya ng pangisda at 100% naman sa abaka.

Kaagad na tinutukan ng Partido sa Eastern Visayas ang pagpapabwelo sa gawaing pang-ekonomya. Ito ay para kagyat na may makain ang mga biktima sa harap ng malawakang kasalatan dahil pati ang mga *duma* o mga halamang ugat ay nangasira rin.

Kaugnay nito, nagbaba ng atas ang Partido at NDF-EV sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) na magpatupad ng dalawang buwang tigil-

putukan laban sa kaaway para matutukan ang pagtulong sa mga biktima tulad ng pagkukumpuni ng mga nasirang bahay at mga sakan.

Sa kabila ng nagpapatuloy pa ring mga operasyong militar ng 8th ID ng Philippine Army laban sa BHB, naabot ng kampanyang pang-ekonomya ang 21 bayan at 116 barangay sa rehiyon. Inilunsad ng mga kasama ang iba’t ibang pamamaraan ng kooperasyon tulad ng *araglayon* (*mutual aid*), tiklos o palitan ng lakas-paggawa at komunal na pagsasaka. Layon ng lahat ng ito na maibsan ang kahirapan sa pagtatrabaho.

Bukod sa kampanyang pang-ekonomya, ano pa ang tinututukan ng Partido sa Eastern Visayas?

Nanawagan din ang Partido sa mamamayan ng EV at mga kaibigan nito na bigyan ng suporta ang mga kilos-protestang ilulunsad sa Tacloban at iba pang sentrong bayan mula Enero hanggang Abril 2014 para singilin ang rehimeng

Aquino sa kriminal na pagpapabaya nito sa mga biktima ng kalamidad. (Sa kauna-unahang pagkakataon sa hayag na kilusang masa sa rehiyong ito, dalawang araw na humugos sa mga mayor na lansangan ng Tacloban City noong Enero 14 ang may 12,000 biktima ng bagyong Yolanda.) Nagpatuloy ang mga kilos-protestang ito hanggang sa National Capital Region (NCR) noong Abril at Hulyo nang manawagan sila ng pagbabagsak sa inutil at korap na rehimeng Aquino.

Katulad sa unang panayam namin, taupusong ipinahayag ni Ka Sanny ang pakikiisa ng Partido at ng National Democratic Front at lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Eastern Visayas sa mga kababayan nilang Waraynon na nagtitipon sa Tacloban City noong Novbyembre 7 at 8 kaugnay sa anibersaryo ng Yolanda:

“Ipinapahayag ng NDF-Silangang Bisayas ang pakikiisa sa libu-libong nakaligtas sa superbagyong Yolanda na nagmamartsa ngayon sa Tacloban City. Nakikiisa tayo sa milyun-milyong mamamayan sa Samar at Leyte gayundin sa iba pang rehiyon na patuloy na naghihirap sa kagutuman, kasalatan at kawalan ng pag-asang hinarap isang taon pagkatapos ng bagyong Yolanda. Nakikiisa tayo sa mamamayan na nang-aakusa sa rehimeng Aquino ng kriminal na kapabayaang sa mga biktima ng Yolanda.”

“Singilin natin ang rehimeng US-Aquino kung nasaan na ang napakaraming perang ibinigay sa atin mula sa labas ng bansa. Dapat ibigay ito sa mga taong nasalanta,” ani Ka Sanny.

“Ang hiling ng mga nakaligtas sa Yolanda ay P40,000. Bilyun-bilyong piso na ang natatanggap ng gobyerno pero hindi ito ibinibigay sa atin. May ilang pakitang-taong proyekto sa rehabilitasyon na ipinapadala rito pero hindi ito nakakasapat para maibsan ang hinagpis ng mga biktima,” dagdag ng tagapagsalita ng NDF-EV.

Hinikayat niya ang kanyang mga kababayan na “... dapat nating ipakita ang ating

pagkakaisa laban sa rehimeng Aquino sa kriminal na kapabayaang nito na pangalagaan ang kagalingan ng mamamayan, partikular sa Leyte at Samar. Kaya magkakaroon tayo ng muling pagkilos para sa layuning ito. Singilin natin si Aquino sa kanyang pagpapabaya at iugnay natin ito sa pakikibaka para patalsikin siya sa Malacañang.”

“Bakit?” tanong ni Ka Sanny. “Wala naman siyang nagagawang kabutihan sa mga magsasaka!”

“Tingnan ninyo, mayroon siyang P551 bilyon para raw sa mga magsasaka. Pero kailan ba dumating ang pera para sa kada isa? Wala ni isang proyektong dumating na makakatulong sana sa atin para makabawi sa kabuhayan. Hindi tulad ng ibang bansa na mayroong subsidyo para sa mga magsasaka. Pero dito sa atin ay wala. Ang bawat magsasaka ay pinababayaang magsikap sa sarili at walang ginagawa ang gobyerno.”

“Sa kabilang banda, tinutulungan niya ang kanyang pinapaborang mga kaibigan, kaklase at kabarilan.”

“Tingnan ninyo, sa ngayon ang Tacloban ay pinaghahatian na ng malalaking negosyante. Halimbawa, bilyun-bilyon ang halaga ng naitatayong pabahay sa syudad na tulad ng mga kulungan ng baboy! Kaya para sa atin, ano ba talaga ang ipinakikita ng sakunang Yolanda? Malinaw pa sa tubig ang kabulukan ng gobyerno, ang kawalan ng simpatya at kawalang damdamin para sa mamamayan laluna sa mga dukha,” hinagpis ni Ka Sanny.

“Kaya, nananawagan ang pamunuan sa Eastern Visayas na maglunsad tayo ng mga pagkilos laluna sa Tacloban o sa Maynila kaugnay ng usapin ng pagpatalsik sa rehimeng US-Aquino. Grabe ang pagkakalantad ngayon sa iskandalong *pork barrel*.... Bilyun-bilyong pondo ng mamamayan ang ninanakaw ng mga korap na upisyal sa gobyerno samantalang mumo na lamang ang nakararating sa atin.” **SP**





Ka Concha

**Concha Araneta
Tagapagsalita
National Democratic Front/
Communist Party of the Philippines
Panay Island**

Tubong Panay si Concha Araneta, ang tumatayong tagapagsalita ng CPP-NDF ng Panay. Isa siya sa mga nagpundar ng rebolusyonaryong kilusan sa isla. “Noong YS ako, nakikita ko sa ilang pagtitipon si Louie Jalandoni. Tapos bigla na lang nawala at nabalitaan ko na nagpultaym na. Ah, kasama rin pala siya!”

Balingkinitan, maputi at may-edad na, pero bakas pa ang gandang mestisa ng kanyang kabataan. Hindi maitago ng simpleng kasuotan ang kanyang mataas na uring pinagmulan, dahil sa makinis na kutis ng isang dating sosyal na kolehiyala. Pero mapagkalinga siya sa mga kasama at kabiruan niya sila.

“Lance, ano wala ka pa ring makitang karelasyon? Dapat kasi nakikisalamuha ka sa mga teritoryo nang makita ang iyong *beauty*..”, pagbati niya sa kasama naming nasa istap nila sa gawaing propaganda ng rehiyon. “Kayo ni Mayang, huh,

hanggang ngayon hindi pa rin kayo nagpapamedikal-tsek-ap. Bigyan niyo ng panahon...” pasermon, pero magiliw niyang paalala sa dalawang kasama. Labis din kasi niyang ikinalungkot ang pagkamtay ni Ka Rita sa sakit, na ikinagulantang ng lahat. Kaya nag-iistrikto siya sa mga may nararamdaman sa katawan na dapat hindi basta-basta nagkakasya sa *self-medication*.

Matapos ang mga kumustahan, tinanong namin siya kung ano ang isusuot niya para sa interbyu. “Wala akong dala, akala ko walang video, usap lang. Kung alam ko, e di dinala ko sana ang *spaghetti (dress)* ko,” pabiro niyang sagot.

Hiniling namin sa kanya na bago ang interbyu, magbigay muna siya ng pangkalahatang oryentasyon ng rebolusyonaryong kilusan sa Panay. Nagpaunlak naman siya.

“Binubuo ang Panay *region* ng apat na prubinsya (Antique, Aklan, Capiz, at Iloilo) at isang subprobinsya, ang Guimaras. *Diversified* ang *economy* ng Panay: palay, isda,

sugpo, tubo, mais at niyog ang mga pangunahing produkto. Antique ang mas hirap dahil di na mataba ang lupa. Ang Panay ang isa sa may pinakamalalaking produksyon ng palay sa buong bansa.

Pero matapos manalasa ang Yolanda, kalahati ng buong populasyon ay naapektuhan ang kabuhayan. Ngayon, ang malaking bahagi ay nakaasa na sa inaangkat na bigas. Pinakamalawak na tinamaan ang Northeastern Panay: Aklan, Capiz at Northern Iloilo; Northern Antique. Capiz at Aklan ang pinakamatindi,” pagsisimula niya.

“Sa Estancia ang may pinakamaraming namatay, tapos sinundan pa ng *oil spill* mula sa Power Barge 103 ng NAPOCOR. Si Drilon nagkontrata. Mas tayo ang umasikaso sa masa sa *relief at rehab*. ”

“Nang humambalos ang Yolanda ay nasa kalagitnaan kami ng paglulunsad ng kampanyang pulitiko-militar laban sa tuluy-tuloy at matinding mga operasyon ng kaaway sa isla. Itinigil namin ito at inatasan ang



mga pwersa na ibigay ang ubos-kayang pagtulong sa mga nasalanta laluna na sa ating erya, mga sonang gerilya at mga komunidad na maaabot ng mga progresibo at demokratikong organisasyon. “Agad naming tinutukan ang pag-abot pareho sa mga organisado o di-organisado, basta mga biktima sila batay sa kanilang pangangailangan. Kaya sa ngayon, ang kilusan natin ay hindi lamang sumasaklaw sa mga biktima ng Yolanda kundi pati sa iba pang mamamayan, laluna sa kabundukan. Inoorganisa at binibigyan ang mga biktima ng oryentasyon kung paano nila mapauunlad ang kanilang kabuhayan. Mapauunlad ang produksyon nila sa pamamagitan ng organisadong pagkilos at pag-salig sa sarili nilang paggawa at pagpupursige, sa higit na pagpapalakas ng sarili nilang pwersa. Kaya ang mga progresibong grupo at rebolusyonaryong kilusan lamang ang aktwal na nagbigay ng tulong sa masa. Ito ay sa pamamagitan ng paggabay sa kanila kung paano muling makakabangon sa pagkalugmok.

“Lubhang malaki ang naitulong ng pag-oorganisa sa masa pagkatapos ng Yolanda. Nakita nila na hindi

nila pinabayaan ng Partido. “

Pagtutuloy niya: “After Yolanda, lumaki ang mga *political mobilization* natin sa Iloilo City, Kalibo, Capiz. Sa Roxas City, inabot ang 7,000, mula sa dating 1,500-2,000; may instance na 9,000. Grabe ang momentum sa isyu ng *pork barrel*, dahil napakakongkreto sa Panay ng korapsyon kaugnay ng Iloilo *covenant center*, Jalaur dam at *beautification project* ni Iloilo City Mayor Mabilog, habang grabe ang kapabayaang sa pagtugon sa mga biktima ng kalamidad.

Sa *break* ng interbyu dahil sa ulan, pinaalala ni Ka Lance ang matagal na niyang inuungot na dapat simulan na ni CA isulat ang rebolusyonaryong kasaysayan ng Panay, habang malakas pa siya.

Sa katapusan ng interbyu, tinuunan niya ang rehimen: “Ang ginawa ng gubyernong Aquino—puro lamang pagpopostura—mga *photo-ops* palagi. Dumalaw si Aquino, gayundin si Roxas, sa Panay pero wala silang nagawa, walang resulta. Lahat ng eryang nauugnayan ng BHB ay walang nakuhang tulong mula sa guberno. Inutil ang guberno ni Aquino.” **SP**

Ka Bryan

Instruktor sa pulitika ng platon
BHB-Eastern Visayas



Dumating si Ka Bryan sa gitna ng *red alert* sa pangatlong araw namin sa lugar. Nagkataong “sumabay” sa iskedyul ng Sine Proletaryo ang *clearing operations* ng tropa ng AFP na nakakampo sa prubinsya. Ilang araw ding umikot-ikot ang mga sundalo sa mga sityo at baryo na malapit sa binabasehan ng BHB. Minsan, sa isang maiksing panahon, dumaan sila sa isang baryong ilang minuto lamang ang layo mula sa aming kinalalagyan. Sa kabila nito, naisagawa ng tim ng mga inisyal na interbyu at pagkuha ng bidyo ng mga kasamang hindi nakatalaga sa mga pangunahing yunit palaban.

Isa rito si Ka Bryan na tumatayong *political instructor* ng platon ng BHB at nangunguna sa gawaing rehabilitasyon sa larangang gerilyang iyon. Sumasaklaw ang platon nila ng mga erya na dumanas ng bagsik ng bagyong Yolanda.

Katatapos lamang ni Ka Bryan na asikasuhin ang pulong ng subseksyon ng Partido sa kabilang baryo. Kabilang sa pinag-usapan doo'y ang plano ng mga tagabaryo na lumahok sa kilos-protesta ng mga bikti-

ma ng bagyo sa Nobyembre 8. Wala pang dalawang taon sa lugar si Ka Bryan. Pero, aniya,” matagal nang kumikilos ang BHB dito. Noong dekada 1980, antas-munisipalidad na ang mga organisasyong masa dito.

Nang dumating sila sa larangang ito, pangunahing trabaho ni Ka Bryan ang muling pagtatayo at pagpapakilos ng mga ganap na samahang masa o mga “aso” (asosasyon) sa lokal na katawagan.

Isang linggo bago dumating ang Yolanda, “binigyan na ng pansin ng mga yunit dito na may paparating na malakas na bagyo,” sabi ni Ka Bryan. Pinaabot nila ang limitadong impormasyon sa mga baryo, bagamat wala pa rin silang ideya kung gaano kalakas si Yolanda.

Matapos ang bagyo, isa si Ka Bryan sa mga direktang namahala sa pagalam ng pinsala, pagpapakilos sa Hukbo para tumulong sa pagbangon ng mga baryo at sa pamamahagi ng *relief*.

“Ilang linggo pagkatapos ng bagyo, inilunsad natin ang *Party conference* sa lahat ng Sangay ng Partido sa Lokalidad, o ang tawag dito ay BOP (*batakan nga organisasyon han*

Partido). Isa itong kumperensya na binuo para talakayin ang papel ng Partido sa pagharap sa salanta ng bagyong Yolanda.”

Sa naturang kumperensya, nag-ulat ang mga Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) kaugnay sa kalagayan ng kanilang mga komunidad pagkatapos ng bagyo. Iniulat nila ang bilang ng mga nasalantang kabahayan, pananim at iba pang ari-arian ng mamamayan.

“Ito ang pinagbatayan ng ginawang plano para tugunan ang kanilang mga pangangailangan.”

Batid ng mga kasama na kung hindi maaagapan ang sitwasyon, maaaring magkaroon ng malawakang kagutuman sa lugar.

“Unang-una, tinugunan natin ang problema sa produksyon at problema sa kakulangan ng pagkain.” Pangunahing bahagi ng plano ang pagtatanim ng makakain na mga pananim tulad ng kamote at yaong mabibilis na maaani.

“Nakasalalay ang implementasyon ng plano sa ekonomya sa pagkilos ng mga organisasyong masa ng mga magsasaka o sa mga 'aso', ” ayon kay Ka Bryan.

“Kailangan ng kolektibong pagkilos.”

Resulta ng planong ito, naitayo sa larangang gerilya ang mahigit 80 kooperatiba na may iba't ibang tipo, mula sa mahigit sampu lamang bago ang bagyo.

“Isa rito ang kooperatiba sa makinarayang pansakahan, katulad ng patubig, traktora at *thresher*. Tapos meron din tayong kooperatiba sa hayupan, may baboy, manok. Isa pa yung kooperatibang tindahan na siyang tumugon sa nagtaasang presyo sa mga batayang pangangailangan ng masa.”

Pero hindi simple ang pagpapatakbo ng mga kooperatiba. Maraming usapin ang kailangang bunuin at pag-isipan para lubos na mapakinabangan ang mga ito.

“Halimbawa,” sabi ni Ka Bryan, “mahal ang *feeds* at medisina para sa pagpapalaki ng baboy, kasi *commercial* ang *breed* ang mga ito. Maliit ang kita ng kooperatiba, ang kanilang *return* (sa puhunan).”

Sa inisyal na pag-uusap ng “aso,” napagkasunduan nilang subukang sistemang “50-50” ang pakain—50% komersyal at 50% kaning-baboy na manggagaling sa baryo. Ito ay para maibaba ang gastos sa produksyon.

Hindi rin madali ang pagtatayo ng mga kooperatibang tindahan. “Kailangan mapagkaisahan muna kung saan, ilan at paano ang pamamahala ng mga tindahan.” Dahil hiwa-hiwalay ang mga sityo,

may tendensyang magkani-kanya pa rin, imbes na isang malaking tindahan na lang sa sentro ng baryo. “Isa pa, ano ang gagawin sa kita ng tindahan? Ibabalik ba ito sa tindahan? Paghahati-hatian ba ng mga myembro?”

Sa tulak ng Hukbo, nagkaisa ang mga myembro na ilagak ang 50% ng netong kita sa bubuksan nilang

komunal na sakahan. “Sa gayong paraan, magagamit ang pondo sa produktibong paraan.”

Isang malaking bahagi sa naitayong mga kooperatiba ang mga *mutual-aid teams*, o sa lokal na tawag, mga tiklos. Bahagi dito ang mga *collective farm* o mga *production lot* na binuksan para tugunan ang panawagan para sa pagpapataas ng ani.

“Lumawak at dumami ang lumahok sa mga aktibidad na inilulunsad kaugnay ng ating ginawang plano. Naging masigasig, masigla ang masa, dahil nga, iyon ang tumutugon sa kanilang mga pangangailangan at interes.”

Hindi lamang dumami, tumaas din ang kalidad ng pagkilos ng mga organisasyong masa, sabi ni Ka Bryan. “Hindi na lang maliliit na grupo kundi 'yung buong-buong asosasyon na ang kumikilos.”

“Nabigyang-sikad ng rehabilitasyon ang gawain ng Hukbo. Umaabot sa mahigit 40% ang paglawak ng eryang kinikilusan ng BHB kumpara noong wala pa ang Yolanda. Pero malawak pa rin ang erya na dapat abutin.”

Hindi tuluy-tuloy ang daan o yung pagpapatupad sa plano, ani Ka Bryan. Maraming problema ang nakaharap, liko at baliko sa pagpapatupad nito. Isa na roon ay ang epekto mismo ng bagyo sa pagsasaka.

“Kung dati, kailangan lang ng sampung tao sa pagsasaka ng isang normal na laking sakahan, ngayon ay kailangan na ng dalawampu.”

Sa implementasyon ng plano, lumitaw ang pangangailangan ng koordinasyon ng magkakatabing mga asosasyon at sa mga baryo at sityo na wala pang mga asosasyon o nasa mababang antas pa ang organisasyon.

“Halimbawa, sa pagtukoy kung anong tipo ng mga proyekto ang gagawin sa



isang barangay at sa kabilang barangay, hindi pwedeng sa isang barangay o kahit isang *cluster* ng mga barangay lang ang lebel ng pagpapalano. Kailangan ng mas mataas na antas, para di magkum-petensya ang mga proyekto, bagkus ay mag-*complement* sila sa isa't isa," paliwanag ni Ka Bryan.

Lumitaw din ang mga usaping nangailangan ng pangkalahatang patakaran, at mekanismo para mai-patupad ito.

"Halimbawa, may eksperensya sa isang barangay na kailangan nilang gumawa ng batas na mag-*regulate* sa pamasaha. Ito ay dahil dumadamang ang binibiling mga aytem para sa tindahan ng koop nila o binibili para sa mga *production lot* o mga produktong dini-*deliver* sa merkado. Kailangang ma-*regulate* ang pasaha, kasi minsan, hindi naku-kontrol. Masyadong tumataas ang pamasaheng sinisingil at lumilitaw ang kontradiksyon sa hanay ng masa."

Ang mga kontradiksyong ito ay kailangang gawan ng patakaran o batas para maayos na maharap ang isyu ng pasaha. Kailangan ng mag-papatupad nito, ng isang guberno.

"Bukod pa roon, marami pang ibang usapin na lumilitaw na nangangailangan ng pagtatayo na ng isang guberno kasi andun na ang mga rekisitos."

"Naabot na ng mga organisasyong masa ang mataas na lebel ng organisasyon at aktibidad. Hinihingi na ng sitwasyon ang pagtatayo nito.

"Kaya sa susunod na mga buwan, o sa susunod na taon, maaasahan natin na meron tayong masisimulan. Maitatayo na nating muli ang komiteng rebolusyonaryo sa baryo," pangako ni Ka Bryan. **SP**



Ka Carling

**Upisyal sa pulitika ng platoon
Nonito Aguirre Command
BHB-Panay Island**

Madaling makapalagayang-loob si Ka Carling. Sa edad niyang 50, marami na siyang karanasan sa rebolusyonaryong kilusan na magiliw niyang ikinukwento sa mga bagong kasamang kakilala. Kung gaano siya kaseryoso sa pakikinig sa kwento ng ibang kasama, ganoon din siya kaseryoso sa sarili niyang kwento ng pakikibaka, laluna sa panahon ng gawaing pagbangon dulot ng Bagyong Yolanda.

"May mga bayan dito sa aming erya, na halos anim na buwang walang kuryente, matapos ang pananalasa ng Bagyong Yolanda. Sa panahong ito, parang laging may mobilisasyong masa sa aming erya, dahil sa *generator* ng NPA. Apat ang *generator set* naming

ginamit. Kaya, kung nasaan ang mga Pulang mandirigma, guyod rin ang masa... nakiki-*charge* ng *cellphone* at mga *flashlight* at iba pang gamit."

Sakop ng larangang gerilya ng Eastern Panay ang mga erya ng 1st District ng Capiz, ilang bahagi ng 2nd District ng Capiz at Northern Iloilo.

Pangunahing produkto ng erya ay mais, sekundaryo ang palay, isda (*inland* at *deep sea*) at mga halamang ugat. Relatibong maraming produktong ikinabubuhay ng masa. Pero halos naubos ang lahat ng mga ito.

"Nag-aani noon ng mais ang mga magsasaka at nakapagsimula na ring mag-ani ng palay nang dumaan ang superbagyong Yolanda noong Nobyembre 8,

2013. Karamihan sa mga palay ay naanod at nalubog sa baha. Marami ang hindi pa nakapagsisimula sa pag-ani ng kanilang tanim na mga palay. Sa isla ng Panay, *hardest hit* ang mga prubinsya ng Northern Iloilo, Capiz at Aklan.”



“Gumawa ang Hukbo ng kahit mga kubo man lang para may masilungan ang mga biktima. Nakakalungkot ang kalagayan ng mga biktima. Dahil nakasilong sila sa binaligtad na atip ng kanilang bahay, nakasilong ang buong pamilya, pati kanilang kusina, at mga baboy. Kung may trapal man silang atip, tumutulo ito kapag may ulan. Nakakalungkot talaga ang kanilang kalagayan.

“Ubos-kaya ang pagtulong ng mga kasama para makabangon ang masa sa salanta ng Yolanda. Ibinatay nila ang pagtulong sa kung ano ang maibibigay na produkto sa paggawa ng mga bahay, pagtulong sa pagkukumpuni ng mga nasirang bahay at pananim. At pagtatanim din at paggawa ng taniman.”

“Sa kabila ng kalagayan, patuloy pa rin ang paglunsad ng mga operasyong militar ng 3rd ID-Philippine Army laban sa BHB. Ipinagyayabang ng AFP ang minsan lamang nilang paglulunsad ng operasyong *relief*.

“Nagpakat ito ng mga PDT (*peace and development teams*) sa mga kung saan lumalawak ang *relief and rehab* na gawain. Nilagyan ito ng 3rd ID ng anim na PDTs. Dagdag dito, ipinagmamayabang nila ang paggawa ng isang nasirang eskwelahan sa isang baryo. Pero sa totoo, ito ay *project* ng ABS-CBN na kinontrata lamang sa Engineering Battalion ang paggawa ng *building*. Inangkin na nila ito na kanilang proyektong rehabilitasyon.

“Sabi pa ng mayabang na *spokesman* ng 3rd ID: Nasaan na ngayon ang BHB? Sagot ng taumbaryo rito: Nanduon sila sa ibabaw ng atip ng aming bahay. Kinukumpune nila ang mga bahay naming nasira. Sana kung maaga kayong pumunta rito ay nasaksihan ninyo ang pagtulong nila sa mga tao.

“Imbes na sinserong tulungan ang mga

biktima, ang tinututukan ng militar ay ang mga eryang kinikilusan ng BHB. Dito tuluy-tuloy ang kanilang mga operasyong militar.”

Grabe ang galit ng mga tao sa rehimeng Aquino. Halos dumoble ang bilang ng mamamayang lumalahok sa mga kilos-protesta para singilin ang rehimeng Aquino sa kriminal na kapabayaan nito sa mga nakaligtas sa bagyo.

“Dapat singilin ang gubyerno sa kanilang responsibilidad sa mamamayan at kriminal na kapabayaan.

“Nangako si Mar Roxas nang dumalaw noon sa Roxas City na sasagutin ng gubyernong Aquino ang pagtulong sa mga biktima sa pamamagitan ng pondong inilaan ng gubyernong nasyunal. Sabi niya bibigyan ng P30,000 kada pamilyang lubos na nawasak ang bahay; P10,000 sa kada pamilya na parsyal na nasira ang bahay. Hanggang ngayon ay wala pa ring nai-*release* na pondo sa mga biktima na kababayan niyang Capiznon.

“Ipinakita ng Partido sa masa na sa kanilang pagkakaisa at mahigpit na organisadong pagkilos, ay unti-unting mararamdaman ang paglalatag ng pundasyon ng isang gubyernong bayan para sila'y makabangon.” Ang mabilis at angkop na kilos ng gubyernong bayan ay taliwas sa pagpapabaya ng reaksyunaryong gubyerno.

Nang matasa ng Komite ng Partido sa Eastern Panay ang karanasan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa gawaing rehabilitasyon at rekoberi ng baseng masa sa lugar, mas naging malinaw sa mga kasama ang dapat na direksyon ng pagkilos. Inintegra sa programa ang pagsusulong ng antipyudal na pakikibakang masa at ang iba pang bahagi ng programa para ibayong mapalakas at makonsolida ang Partido, Hukbo at ang baseng masa.

Isa si Ka Carling sa masigasig na nagpapatupad nito at naglilinaw sa mga kasama sa hukbo at masa ng pangangailangan ng sama-samang pagkilos para ibayong maisulong ang matagalang digmang bayan.**SP**

Ka Naro

**Lider ng platun
BHB-Eastern Visayas**

“Bago lang kami sa erya,” ang paunang kwento ni Ka Naro.

“Kararating lang namin noong Hulyo at nagsimula kaming *i-integrate* sa yunit dito noong Oktubre.”

Si Ka Naro, 34, ang lider ng isa sa mga platun ng BHB sa katimugang bahagi ng Samar na kabilang sa dumanas ng lupit ng bagyong Yolanda. Abala ang mga Pulang mandirigmang bumubuo ng platun nila Ka Naro sa pagtulong sa mga magsasaka sa pag-ani ng palay sa lupang pinagtulung-tulongang pag-yamanin ng kanilang samahan pag-katapos ng bagyo.

Mahiyain man sa unang pagpapakilala, di maglalao'y bubuwelo si Ka Naro sa paggitara at pagkanta. “Nasa gawaing kultural ako noon. Nagtuturo ako ng mga kanta, sayaw at iba pa sa mga kabataan bilang paraan pagpapakilala ng rebolusyonaryong kilusan sa kanila. Ipinadinig niya ang kanyang mga kanta at ipinakita ang mga sayaw at dula na pinagkakatago-tago niya sa kanyang *tablet computer*.

Mahilig sa “kultural” ang mga residente sa kinikilusan nilang mga baryo. Kadalasan, ani Ka Naro, nagkakahamunan ang Hukbo at mga kabataan sa pasiklabang maghapon na tumatagal. Paramihan ng kanta at pagalingan ng mga sayaw-dula. Talo ang walang maihahandog o

kaya'y nag-uulit ng mga presentasyon.

“Ang kabataan dito, halos buong linggong naghahanda ng mga presentasyon. Kada Linggo, may programang kultural na inter-sityo at baryo.”

Di niya sukat akalain na ilang buwan lamang sa erya, daranasin niya ang delubyo ng Yolanda.

“Isang araw bago ang bagyo, nakadeploy kami pag-*secure* sa isang malaking miting at nabalitaan namin sa radyo na may paparating na bagyo at na ito ay napakalakas. Bandang hapon, direktso kaming nag-empake para lumipat sa isang kweba dahil narinig ng mga kasama na malakas talaga ang bagyo.”

Dalawang araw na tumigil sa kwebang iyon ang yunit ni Ka Naro.

“Kinabukasan, pagkatapos ng bagyo, nagdeploy ang kumand ng isang tim na lumabas para mag-*imbestiga* sa kalagayan ng masa. Isa akong nakasama sa tatlo-kataong tim.”

Paglabas nila sa kweba, nakita nila ang napakaraming natumbang mga kahoy, saging at iba pang pananim.

“Halos wala na kaming madaanan at hindi na namin makita ang mga daan. Para kaming mga baboy-damo na dumadaan sa ilalim ng natumbang mga kahoy at iba pa. Bumabaha ang mga ilog kaya hirap



kami sa pagtawid.”

Gayunpaman, sinikap pa rin ng tim na makaabot sa target nilang baryo.

“Sa isang baryo na aming naabot ay nakita namin ang maraming natumbang mga bahay at may mga bahay na wala nang dingding at bubong. Mayroon kaming tinulungan na isang magsasaka na nagsisikap na ibalik sa dating pusisyon ang kanyang kumikiling na bahay. Ang pinakamalaking istruktura sa baryo nila, ang *dancing hall* na malawak, ay wala nang bubong.”

Nagtagal nang buong araw ang paunang *imbestigasyon* ng tim nina Ka Naro. Nilibot nila ang isang baryo at limang sityo.

“Gulong-gulo ang isipan ng mga tao, di alam kung ano ang gagawin. May mga biktima sa baryo na



nababahala sa kanilang mga anak na nagtatrabaho sa syudad ng Tacloban.”

Dahil sa kawalan ng lahat ng klase ng komunikasyon–radyo, telebisyon o *cell-phone*– maraming kwento-kwento ang lumaganap sa baryo. Matagal bago nila nalaman ang karumal-dumal na pangyayari sa Tacloban.

“Mga tatlong araw pagkatapos ng bagyo, nabalitaan namin na napakarami ng patay sa Tacloban. Nalaman namin ito mula sa mga kamag-anak na pumupunta sa Tacloban. Ang sabi nila mas maigi pang maglakad papunta roon kumpara sa naka-sakay sa motor o sasakyan. Ito ay dahil pwede kang tumalon-talon sa mga patay na nagkalat sa daan o umiwas sa mabahong amoy ng naaagnas na mga bangkay. Kung nakamotor, siguradong mahihirapan ka sa pagmamaniobra.”

Pagkatapos ng inisyal na imbestigasyon ay nagsagawa ng *sampling survey* ang mga mandirigma sa mga baryo. Isinadokumento nila ang kalagayan ng masa at iniulat sa kumand ng kanilang yunit.

“Batay sa *report* ng aming *team*, nagdesisyon ang pamunuan na ipagpaliban ang miting para asikasuhin ang kalagayan ng masa. Kailangan agad ng aksyon dahil obligasyon natin ito sa masa. Mga nangungunang problema nila ang kawalan ng pagkain, petrolyo at asin. Walang kuryente,

patubig, walang medisina. Ligalig na ligalig ang mga tao.”

Agad na lumabas ang buong yunit ng BHB para tulungan ang mga taumbaryo. Inabutan nila ang karamihan sa mga eskwelahan o bahay na hindi nawasak.

“Naglunsad agad ang mga yunit ng Hukbo ng *mass meeting*. Pinagkaisahan ng mga yunit ng BHB at mga residente kung paano haharapin ang napakalaking problema. Tumulong ang Hukbo sa pagtatayo ng mga temporaryong kabahayan mula sa paghahakot ng mga kahoy, pagpapanday at iba pa. Tumutulong din ang Hukbo sa paghahakot ng mga palay na naroon sa mga sakahan para magamit laluna't napakahirap ng mga daanan.”

Isang linggo bago naabot ng *relief* ang kinalalagyan nina Ka Naro. Ito ay kahit tatlong araw matapos ang bagyo, may nabalitaan silang namimigay ng *relief goods* sa bayan pero hindi pa mula sa guberno kundi mula sa ibang bansa.

“Matagal,” ani Naro. “Basta, matagal.”

Ang unang dumating na mga *relief goods* ay galing pa sa Balsa-Mindanao. Direktang pinangasiwaan ng Hukbo ang pamamahagi nito. Humango sila ng mga leksyon sa mga kaguluhang nabalitaan nila sa mga sentrong bayan na idinulat ng hindi magandang sistema ng distribusyon ng reaksyu-

naryong gubyrno.

“Nabalitaan namin na mayroong *nagtirigbasay* (nagtagaan) dahil lang sa tubig. Kasi ang sistema ay hinuhulog lang mula sa helikopter ang pamimigay. Kaya nagkakagulo ang mga tao.”

Pinangunahan ng Hukbo ang pagsasaayos at pag-oorganisa sa mga tao. Bukas na tinanggap ng taumbaryo ang iminungkahi nilang pamamaraan.

“Doon sa labas ng sona, sa pamimigay ng *relief* ay hindi kinukunsidera ang dami ng myembro ng pamilya. Kung magbigay sila ng isang sakong bigas, kahit marami ang myembro ng pamilya, wala na silang pakialam kung magkasya ito o hindi. Sa kalagayan sa kabukiran, mas marami ang taong mahihirap kumpara sa mayayaman. Marami-rami ang mga pamilyang may maraming anak kumpara sa maliliit o wala.”

Kada-ulo, at hindi kada-pamilya ang ginawang sistema ng pamimigay ng Hukbo.

“Nabalitaan namin na pumunta rito ang mga pwersa ng US Army para sa *relief operation*. Totoo, marami ang nagliliparang mga eroplano nila pero ang amin lang na obserbahan, isang beses lang ito naghulog ng *relief goods*. At doon sila naghulog sa tatlong kabahayan na malayo sa baryo.”

Sa huling *damage assessment* ng yunit na kinapapalooban ni Ka Naro, umaabot sa 60% ng mga niyugan sa kanilang erya ang napinsala, 40% ng mga kabahayan ang nawasak at 100% ng mga pananim pangkonsumo tulad ng kamote, gabi, saging at balinghoy ang nasira. **SP**



Ka Randy

**Lider ng platoon
Nonito Aguirre Command
BHB-Panay Island**

Soft-spoken, tinitimbang ang mga salita, kalma-do. Ito ang nabuong impresyon namin kay Ka Randy sa limang araw na kasa-kasama namin siya. Nalaman namin sa mga kasama na sa larangang ito, si Randy ang pinakamainit na kadre sa kaaway. Sa kanilang komite, siya na ang pinakamatagal nang kumikilos sa lugar. Popular siya sa masa at mga alyado.

Sa huntahan, bago matulog, nalaman namin ang ilang personal na datos. “56 anyos na ako, at malalaki na ang apat kong anak. Dati akong kasapi ng organisasyon sa simbahan, at dito nga ako namulat.”

“Nasalanta nang husto ng bagyong Yolanda ang buong Capiz, at

bahagi ng Northern Iloilo. Ang hakbang na ginawa ng Partido at Hukbo ay kaagad itong nagplano para harapin ang mga problema ng mamamayan. Naglunsad ng mga pulong, mas-miting sa mga SPL at mga saligang organisasyong masa. Nakita ng Partido at hukbo na dapat agapan ang sitwasyon at magabayan ang masa.

Ang problema ay kung paano mabilis na maaabot ang malawak na masa, makapagplano paano sila makakikilos. Agad kaming nakipagkoordinang sa mga kasama sa urban. Nagbuo kami ng plano ng pagbibigay ng tulong sa mga nasalanta.

Sa organisadong masa, pinulong at binigyang oryentasyon sila para magtulungan. Dapat tulong ang mga walang masilu-



ngang bahay, ang mga nasalanta. Sa kabuuan, umaabot sa sobra 8,800 plus indibidwal ang mga *beneficiaries sa relief and rehab* partikular lang sa Eastern Panay (EP), pitong bayan ng Capiz at bahagi ng Northern Iloilo, 49 na baryo. Pinakilos ang halos lahat ng maaabot na mamamayan. ”

Paano aktwal na tumulong ang hukbo?

“Sa bahagi ng hukbong bayan, tumulong ito sa paggawa ng mga bahay... pagkumpuni ng mga nasira, pagtulong sa pagpapasigla ng produksyon...pagpapabilis ng trabaho. Sa pamamagitan ng masmiting, tinuruan sila hinggil sa grupong *binuligay* (pangkat sa pagtutulongan/bayanihan).

Sa gawaing militar, naglabas ang Partido ng kautusan na ikansela ang mga taktikal na opensiba. Itutok lahat sa pag-aasikaso sa mga nasirang bahay, pagbasbas ng mga pilapil, hakot ng mga hindi pa naaaning palay at mais, pagtulong sa pag-aararo, tulong sa pag-*direct* tanim (*direct seeding* sa mga palayan). Tiniyak din ang seguridad ng masa at mga kasama sa pamamagitan ng patuloy na pagmomonitor sa bawat kilos ng kaaway. ”

Sa bahagi ng reaksyunaryong estado, ano naman ang ginawa?

“Hindi nakita ng masa ang tulong nila sa mamamayan, kundi ang matingkad ang pagpigil nila na magkatulungan ang rebolusyonaryong kilusan at mga NGO's,..institusyon. Kanilang sinasaywar ang masa. Mas pinatingkad nila sa EP ang pagpaparami ng PDTs. Idineploy ang mga ito sa mga lugar na marami ang mga nabiyayaan ng *relief and rehab*. Pinatingkad nila ang kampanyang saywar, pananakot sa masa na demonyo ang BHB, may motibo umano sa likod ng pagtulong nila sa masa.

Sinu-sino ang mga lider nila, sino ang nag-*facilitate*..., sino ang mga benepisyaryo? Lahat ng panggigipit na ito ay naglalayong sindakin ang mamamayan. Nagpapatuloy ang mga operasyong militar, bumabase ang mga sundalosa mga sentro ng baryo, nagpapapirma sila kung sino sa masa ang nakatanggap ng tulong mula sa mga progresibong grupo.”

Pagpapatuloy ni Ka Randy sa aktwal na pagtugon ng hukbong bayan:

“Mahigit isang buwan ang pagtulong ng Hukbo sa paggawa ng mga bahay. Kahit tapos na ang isang buwan ay patuloy pa rin pagtulong ng Hukbo, tuloy ang kanilang pagtatrabaho para sa masa para makarekober. ”

Tinanong namin siya kung ano ang epekto nito sa masa? “Na-*appreciate* nila nang husto ang tulong ng mga kasama. Lalong humigpit ang relasyon natin sa kanila. Sabi ng masa, kung wala ang Hukbo, walang makakarating na mga tulong mula sa mga NGOs—suplay, yero, iba pang kagamitan. Malaki ang papel ng Hukbo sa pagtulong sa kanila para makaangat sa salantang dulot ng bagyo. Mas dikit, mas malapit ang relasyon ng Hukbo at masa.

Naabot natin ang mga organisado at maging mga di-organisadong masa. Noon, nagkaka-gulo ang mga tao, nag-aagawan ng yero, bawat isa ang umaako ng yero para lang may magawang bubong sa kanilang bahay. Tinulungan ng mga kasamang lutasin ang problemang ito at pinaliwanagan sila na hindi ito ang mayor na problema nila. Tinuruan silang magtulungan para malutas ang mga ito at harapin ang iba pang problema tulad ng mataas na pasahe sa mga produkto at mataaas na interes sa pautang. Tinulungan silang maglunsad ng interbaryo na mga pagkilos sa antipyudal at nagtagumpay silang ibaba ang pletehan sa mga bagahe ng produktong ibebenta sa merkado.”

Sa usapin ng mga problema sa pagpapakilos sa masa. Ani Ka Randy:

“Syempre meron pa ring ilang kahirapan sa pagpapakilos sa masa. Kailangan pa ang dagdag na propaganda, ahitasyon sa kanila para sa kanilang kolektibong pagkilos. Hindi tayo dapat makontento sa kung ano ang inabot nating tagumpay. Kailangang patuloy na pataasin ang kamulatan ng masa. Hindi dapat magpakasapat... maging kampante. Kailangan ang dagdag na determinasyon sa pagharap ng mga darating pang mga sulirnin.”

Nakita na kailangang paunlarin pa ang lahat ng aspeto ng gawaing masa.

Ang bagyong Yolanda ay isa lamang sa mga problemang dumating sa buhay ng mamama-

yang Pilipino. Ang mayor na ugat ng mga problema na dapat bunutin, ang tatlong “ismo”—burukrata kapitalismo, pyudalismo at imperyalismong US. Ito ang umaapi at nagsasamantala sa mamamayang Pilipino kaya dapat ibagsak at itatag ang rebolusyonaryong gubyerno ng mamamayan...”, pagtatapos ni Ka Randy.

Sa huling araw namin doon, ipinakilala niya sa amin ang kanyang anak na dalaga na nataong dumalaw sa kanila. “Aktibista rin siya at aktibo sa pagtulong sa mga *survivor* ng Yolanda..”, pagmamalaki ni Ka Randy. “

Nasaksihan namin kung gaano kalapit ang mag-amang magkasama sa pakikibaka. Inilabas ni Ka Randy ang kanyang duyan at inalok sa anak na gamitin para makapahinga mula sa byahe. Nang kumakain na kami ng hapunan, hinintay ng anak na matapos si Ka Randy sa kanyang pinagkakaabalahan para makasabay ang ama sa pagkain.

Noong gabing yon, lumakad na kami at si Ka Randy ang naghatid sa amin sa baryo para tiyaking ligtas at sigurado ang aming lakad sa madaling-araw kinabukasan. Sabi namin, maiiwan niya ang anak doon sa loob. Sagot niya:

“Nauunawaan naman niya na kailangan ito ng gawain. Tsaka, sanay na siya na kahalubilo ang mga kasama sa hukbo nang tulad sa kapamilya.” **SP**





Ka Binoy

**Myembro
Seksyon ng Partido sa lokalidad
Partido Komunista ng Pilipinas
Eastern Visayas**

Walang namatay na taumbaryo nang dumaan ang Yolanda sa napuntahan naming mabundok na bahagi ng isang larangang gerilya sa Samar kumpara sa kapatagan at baybaying lugar. Ngunit ayon sa mga responsableng kadre sa eryang ito, maraming nasirang mga pananim at mga bahay ng mga taumbaryo. Nasira ang kalakhan ng mga niyog—ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mamamayan. Nagbabadya ang malawak na kagutuman sa lugar.

Dapat kagyat na gumawa ng hakbang ang Partido, Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga organisasyong masa na pinamumunuan nito. Dapat sama-samang kumilos ang mamamayan para harapin ang posibleng kagutuman. Inilunsad ang isang kumperensya ng mga Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) at gumawa ito ng plano para matugunan ang problema sa produksyon at kakulangan ng pagkain na ibinunsod ng superbagyo.

Ano ang naging papel ng “asosa-

syon” sa baryo pagkatapos ng bagyo? May tinukoy ang mga responsableng kadre na dalawang lokal na kadre na pwedeng interbyuhin tungkol dito. Ngunit dahil nagpapatuloy pa rin ang mga pagkilos ng mga tropa ng Philippine Army, isa lamang ang agad naming nakapanayam.

Si Ka Binoy, isang lokal na kadre ng Partido at isa sa mga gumagabay sa “asosasyon” ay mahigit 60 taong gulang na. Ang “asosasyon” ang popular na tawag sa ganap na samahang masa (GSM).

Mahirap kumbinsihin ang mamamayan hinggil sa ilang panawagan ng Partido, ani Ka Binoy. Nakasanayan na ng mamamayan dito na isandig ang kanilang kabuhayan sa niyugan o kung hindi ay sa paghahanap ng trabaho sa labas ng baryo. Pero pagkatapos ng bagyo, hindi na nila ito pwedeng gawin, ani Ka Binoy. Wala nang mapuntahan ang mga tao.

Kaya nagkaroon ng mga talakayan ang mga kasapi ng GSM. Nabuo ang konsensus kung papaano nila dapat harapin ang nakaambang problema

ng kagutuman. “Makakaya natin ito. Gawin natin ang iba’t ibang paraan,” hikayat ni Ka Binoy sa kanyang mga kasama at sa taumbaryo.

Walang lupa sa lugar nila na maaaring mapagtamnan ng palay. “Naghanap na kami ng lupang maaaring gamitin na hindi nangangailangan ng renta. Naghanap kami ng may-ari ng lupa na sasang-ayon sa aming layunin,” sabi ni Ka Binoy.

Nagtakda sila ng mga kundisyon sa paggamit ng lupa—gagamitin ito sa loob ng limang taon at pagkatapos nito ay sasaluhin ng may-ari ang pagsasaka ng lupa.

Dahil sa nakasanayan na ng mga tao na iisang uri lamang ng pananim, kinailangang kumbinsihin nina Ka Binoy ang taumbaryo na subukan ang iba pang klaseng mga tanim bukod sa niyog. Yung pinakamabilis at pinakamadaling anihin (mga tatlong buwan). “Batay sa karanasan, tantya namin na ang unang dapat tutukan sa pagtatanim ay kamoteng kahoy, kamote at gabi. Pagdating ng anihan ng palay, aanihin din nila ang kamo-

teng kahoy at iba pang itinanim nila.

Gayunman, mas gusto pa rin ng mga tao na magbukas ng sarili nilang sakahan (hindi yaong komunal) at maghanap ng masa-sakahan. “Pero hinikayat namin sila na huwag muna ito gawin sa ngayon dahil unang-una, may kahirapan sila sa paghanap ng sakahan, at kung makahanap man, ito ay tiyak na malayo na.” Nakumbinsi naman sila na tutukan muna ang komunal na pagsasaka dahil narito sa malapit ang karamihan ng mga magsasaka. Dagdag pa, mamomobilisa nila ang lahat pati ang mahihina tulad ng matatanda at maliliit na bata.

Bunsod ng walang pagod na pangungumbinsi at paglilinaw sa mga kasapi nina Ka Binoy, lumaki ang kasapian ng SOM. Noong wala pa ang trahedya dulot ng Yolanda, 107 lamang ang kasapi ng SOM. Pero mula noong Disyembre 2013 hanggang sa kasalukuyan (Oktubre), umabot na kami sa 182, ani Ka Binoy. **SP**



Ka David

**Kalihim
Sangay ng Partido sa lokalidad
Panay Island**

Kabilang si Ka David sa mga unang bumuo ng Sangay ng Partido Lokalidad (SPL) sa kanilang barangay noong unang hati ng dekada 1980. Katunayan, ang pagkategorya ng mga kasama sa kanya ay antas seksyon na kadre. Sa dami ng inaasikaso niyang gawain ay halos pultaym na siyang kumikilos.

Pagsisimula niya: “Noong wala pa ang kalamidad, kahit papaano ay may nakukunan pa ng pagkain ang mga tagabarangay. Bukod sa mais at palay, may saging, kamoteng kahoy, kamoteng baging, kalabasa,

sitaw. Nang humagupit ang Yolanda ay halos nawala ang lahat ng mga ito. Lalong lumalala ang karalitaan sa kanayunan, laluna't pinababayaan na lamang ng gubernong Aquino ang mga magsasaka.”

Nagpursigeng makipagdayalogo ang mga lider-masa sa gubernong munisipal at prubinsyal. Ang palaging sagot nila sa amin ay walang mapagkukunan ng pondo. Yung ibinigay ng DSWD na bigas ng NFA ay hindi rin makain.

Ang mga naka-survive na mga magsasaka ay yaong may organisasyon. Nakikipag-ugnayan kami

kaagad sa mga kasama sa hukbo para magkatulungang makakita ng remedyo. Nagpatawag kaagad kami ng miting sa masa para magplano. Ang mga magsasakang walang bahay ay nahanapan ng mga materyales na magagamit. Kaya may bahay ang halos lahat ng mga kasapi ng mga organisasyong masa.”

Kaugnay sa partikular na papel ng SPL, ayon kay Ka David: “Lagi kaming nagpatawag ng pulong para pag-usapan mga suliranin ng magsasaka...ang problema sa pagkain at tirahan....Nariyan rin lagi ang paggabay ng mga kasama.”

Sa tanong kung ano na ang sitwasyon isang taon makalipas ang dilubyo, sagot niya: “Patuloy pa rin ang paghihirap ng mga magsasaka. Marami pa ring magsasakang nagtitiis sa gutom. Walang itinulong ang gubyerno. Kung may tulong man na ginawa ang lokal na gubyerno, pamimigay lang ng ¼ kilo ng pako. Hindi namin maintindihan...saan namin ipapako ito, wala naman silang ibinigay na materyales na panggawa ng bahay. Kahit isang yero man lang, wala!

Maigi-igi ang kalagayan ng mga organisadong magsasaka. Sa tulong ng mga kasama sa kilusan ay nakapagmobilisa

ng ayuda mula sa labas, kaya nakapagpalitaw ng mga materyales sa pabahay.

Sa darating na Nobyembre 8, may isang taon nang pagsukat. Sisingilin namin muli si Aquino.

Pagkaraan ng isang taon, malaki ang pasalamat ng SPL at masa sa pagtulong ng Pulang hukbo. Dahil sa kanila, naibsan ang karalitaang idinulot na dagdag na paghihirap na bagyong Yolanda. Nagpapasalamat talaga ang mamamayan na nailibre ang kanilang mga bata sa ulan, init at hamog, nang maitayo muli ang kanilang mga bahay. Ibang-iba ang Pulang hukbo sa reaksyunaryong gubyrno.”

Tinanong ng kasama kung ano na ang kanilang mga plano ngayon. Lumiwanag ang mukha ni Ka David.

“Plano naming patuloy na magpalawak ng pag-oorganisa sa mga magsasaka para tuluy-tuloy ang kampanya sa pagbangon. Sa tulong ng hukbo, tuluy-tuloy din ang kampanya namin sa pagtanim ng saging, mga halamang-ugat...at sinimulan na rin namin ang mga pangmatagalang tanim. Ikinakampanya naming paunlarin mga kabukiran na halos kinalbo ng Yolanda. **SP**





Ka Nic

**Vice-commander
Municipal Coordinating Unit
Milisyang Bayan
Eastern Visayas**

“Bihira lang kasi ako mainterbyu, kaya medyo nahihiya ako,” sagot ni Ka Nic sa tanong namin kung nininerbyos ba siya sa harap ng kamera. Pangalawang kumander si Ka Nic ng Municipal Coordinating Unit ng Milisyang Bayan sa kanilang lugar. Saklaw ng kanilang laking-kumpanyang yunit ang dalawang kulumpon ng mga baryo.

“Andito lang ako sa baryo, kasama ang pamilya ko, nang tumama ang bagyo.”

Pumwesto sila sa eskwelahan nang malaman nila sa pamamagitan ng radyo na parating ang malakas na bagyo, salaysay ni Ka Nic.

“Ang nagpa-ebakwet sa amin ay ang mga nasa pamunuan ng organisasyong masa, kasama ng mga lokal na konsehal at ang kapitan.”

Bilang pangunahing pwersang pansiguridad, naglibot ang mga kasapi ng yunit milisya para palikasin ang mga residente tungo sa eskwelahan.

“Patuloy ang paghahakot namin ng mga tao, ng mga bata at matatanda at kanilang mga gamit,” ani Ka Nic. “Nang lumakas na talaga ang hangin, pinapunta na namin sa eskwelahan ang lahat ng mga residenteng nakatira sa maliliit o marurupok na bahay.”

Malaki ang naging pinsala sa baryo nina Ka Nic. Maraming bahay ang nawasak. Nasira ang kanilang mga pananim, ang mga niyog, saging kamote at iba pa.

“Lahat nasira,” ayon kay Ka Nic. “May ilang puno ng niyog na natira pero lahat ng mga sakahan ay nawasak. Walang natira.”

Kinabukasan, agad na kumilos ang yunit milisya para sa pagkukumpuni ng mga sirang bahay.

“Sunud-sunod na ginawa ang mga masmiting para talakayin kung paano makakabalik agad ang mga tao sa kanilang mga bahay,” ani Ka Nic. “Habang nagkakaroon ng mga pulong, tuluy-tuloy lang ang gawaring pagre-repair.”

Noong una, ayon kay Ka Nic, ipina-

patong lang nila ang mga yero sa mga bubong para magkaroon sila ng masisilungan. Nang may dumating na mga trapal, pinalitan nila ang mga yero. Matagal bago magkaroon ng gamit pangkonstruksyon ang mga residente ng kanilang baryo.

“Nang dumating ang mga kasama, ibinalita nila na may paparating na relief,” kwento ni Ka Nic.

Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang yunit ng Partido at NDF sa iba't ibang bahagi ng bansa, laluna sa Metro Manila at Mindanao, agad na nakapag-ayos ang Partido sa Eastern Visayas ng mga tulong panaklolo sa pinakaapektadong mga larangang gerilya.

“Kaagad kaming nagmiting. Napagusapan na kailangan hakutin ang relief goods sa haywey” kwento ni Ka Nic. “Sama-sama kaming pumunta.”

Bawat baryo na nakapailalim sa MCU ay nagpadala ng isang tim para maghakot ng pagkain para sa lahat ng mga residente.



Magkasabay na pumunta at naghakot ang magkakatabing dalawa hanggang tatlong baryo.

“Mahigit isang daan kami,” sabi ni Ka Nic.

“Pagdating namin sa baryo, hindi dinala ng mga nagsipunta sa haywey sa kani-kanilang mga bahay ang *relief goods*. Ipinwesto namin ito sa *plaza* ng eskwelahan at doon pinaghati-hatian.”

Alinsunod sa nauna nang napagkaisahan ng mga organisasyong masa, yunit milisya at BHB, isinagawa nina Ka Nic ang distribusyon “por-ulo” (kada-tao) at hindi kadapamilya. “Halimbawa, kung may sampung myembro ang iyong pamilya, makakatanggap ka ng malaki-laki kumpara sa dalawa lang. Hindi lang sa bigas. Ganoon din sa sardinas, gatas, kape.”

“Pantay-pantay,” dagdag pa ni Ka Nic. “Tumulong ang mga kasama sa pagrerepak.”

Ganito rin ang naging sistema ng hatian, kahit sa tulong pinansyal ng mga organisasyong mapagkawagga-wa. Halimbawa rito ang isang dayuhang organisasyong namahagi ng tigtatlong libo sa pi-ling mga residente sa baryo ni Ka Nic.

“Napag-usapan namin na dapat bawat isa sa mabibigyan ng cash ay magsesentro ng kalahati nito para gamiting puhunan sa pagtatayo ng kooperatiba.”

Unang nagdesisyon ang kanilang asosasyon na magtayo ng “coop store” o tindahan.

“Sa pangalawang pagrelis ng *cash aid*, napagkasunduan naming magsentro ng sangkatlo nito.” Ang naipong pondo ay ginamit nila para itayo ang kooperatiba sa babuyan at sakahan (*production lot*).

“Ang *production lot* namin ay nagmula sa isang naprendang lote,” ayon kay Ka Nic. “Tinamnan namin ito ng palay at nakapag-ani na kami.”

Pinagana ng asosasyon ang “tiriklosay” (*suyuan* o palitan ng paggawa).

“Tuluy-tuloy ang *tiriklosay* halos araw-araw ng ibat ibang grupo sa loob ng baryo,” ayon ka Ka Nic. “May timleader lang sa bawat grupo ng tiklos. Lumalakas ang tiriklosay kapag nagsisimula na ang *pagbagnas* (paghahawan) at humuhupa lang kapag nagtatanim na. Pagdating ng anihan, *nag-aaraglayon* (bayanihan o tulungan) ang mga tao.”

“Lahat ng kasapi ng yunit milisya ay nagtitiklos.” Kasabay ng *tiriklosay* at kabuuang pagpapatupad ng kampanyang pagbangon sa kanilang saklaw, abala rin ang mga myembro ng MCU sa pagpapalakas ng kanilang yunit.

“Di pa lang nagtagal ay nakapagtapos kami ng *treyning* sa BKM (Batayang Kurso Pangmilitar) at CDX (*command-detonated explosive*) *operation*,” kwento ni Ka Nic. Sa gitna ng mga gawain nila sa bukid at organisasyon, regular din nilang isinasagawa ang pagpapatrulya sa paligit ng baryo laluna kung nasa loob nito ang mga yunit gerilya ng BHB.”

“Katulad ngayon,” sabi niya. “May mga yunit ang MCU na nakadeploy sa loob ng baryo at mayroon din sa labas na *nagro-roving*.”

“Bahagi ng gawain ko bilang milisya ang pagsama sa yunit kung kailangan nila ng giya sa erya,” sagot ni Ka Nic sa tanong ng kanyang mga partikular na gawain. Partikular sa mga araw na iyon, naroon si Ka Nic para tulungan ang yunit ng BHB sa pagmomonitor sa kilos ng isang kolum ng kaaway na nagsasagawa ng *clearing operations* sa baryong binabasehan ng Sine Proletaryo. Abot-tanaw lang ang nag-ooperasyong yunit ng AFP.

“Mainit na rin ako sa kaaway,” aniya, “kaya kung may operasyon, dumidikit ako sa mga kasama. Minsan isang linggo na akong hindi umuuwi.” **SP**

Ka Inday

Lider
MAKIBAKA sa baryo
Panay Island



Nagbyahe nang tatlong oras sakay sa habal-habal, bago lumakad papunta sa kinaroroonan namin si Ka Inday, para paunlakan ang kahilingang mainterbyu kaugnay sa naging papel ng Maalyang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) tsapter sa kanilang barangay sa pagharap ng pinsala ng bagyong Yolanda.

“Dumaranas ng kagutuman ang mga magsasaka sa aming lugar at buong Eastern Panay, dahil sa kahirapan. Hindi sila nakapagpatapos sa pag-aaral ng kanilang mga anak...Kaming kababaihan, sumasama sa pagtatanim para makatulong sa pagpapaaral sa kabataan na hindi man lamang makatapos ng hayskul. Lubhang mahirap ang kalagayan namin..” bungad na paglalahad niya.

“Lalong lumala pa ito pagkatapos ng Yolanda. Halos lahat ay natumba. Maraming nasalanta pati ang mga tubigan. Marami ang nagkasakit dahil sa bagyo. Sa ngayon, tapos na ang pag-ani pero mahirap pa rin ang kalagayan ng masa.

Nang humagupit ang Yolanda at pagkatapos nito, wala kaming matulugan, maliban lamang sa ginawa naming kubo para malagyan ng aming mga gamit. Nagtitiis kami sa hirap na kalagayang ito. May tatlong araw pa ang pag-ulan pagkatapos ng Yolanda. Pagdating ng isang linggo, may tulong na bigas na dumating mula sa gubyrerno. Pero hindi makain ito dahil mabaho at sira na yung bigas at delata. Hindi rin halos kainin ng mga aso. “

Tuluy-tuloy sa paglalahad si Ka Inday. Masisilip sa kanyang pananalita ang malalim niyang pag-unawa sa mga partikular na suliraning kinakaharap ng mga kababaihan magsasaka at pagsalig sa rebolusyonaryong lakas.

“Gumawa ang MAKIBAKA, kasama ang Partido at Hukbo, ng mga proposal, apela na tulong sa ibang bansa...tulong para makarekober ang mga kabarangayan. Kumilos ang MAKIBAKA para sa unti-unting pagbangon, pagtipon ng mga tulong mula sa labas. Gumawa ang MAKIBAKA ng plano sa paghingi ng

tulong na bigas, kagamitan sa paggawa ng bahay, at produksyon. Kalaunan, nagproyekto kami ng *storage* ng mga binhi, nang sa gayon, kung may dumating na kalamidad sa hinaharap ay may makukunan pa ring suplay para sa pagpapatuloy ng aming produksyon.

Ang gubyernong lokal at nasyunal ay pareho-parehong hanggang pangako lamang. Walang resulta! Wala kaming maaasahan sa reaksyunaryong gubyrerno.”

Nagpalawig siya sa naging pagtugon ng kanilang asosasyon:

“Sa pagpupunyagi ng MAKIBAKA, ginamit nito ang kolektibong lakas, kumilos at lumahok sa mga rali. Nagparami ito ng pwersa.

Lumahok din ang kababaihan sa pagtatanim, sa suyan sa produksyon. Aktibong pumapel ito sa mga barangay sa pagbibigay ng mga ayuda, bukod sa sarili naming barangay. Mulat itong nagpataas ng antas ng kamulang pampulitika at nag-inisyatiba sa pagpapalawak ng kinikilusan.”

Kung ikukumpara sa nakaraan, noo'y maliit ang aming pwersa at mababa pa ang pag-uunawa. Ngayon, dumami na ang kasapian at tumaas ang lebel ng kamulatang pampulitika."

Tinanong namin siya kung ano pa ang naging mga gawain ng kasapi-an ng MAKIBAKA.

"Sumama kami sa pag-organisa ng kababaihan, sa okupasyon ng lupa para magbungkal ito, maging sa pag-aararo ng lupa. Unti-unti nam-ing pinapalawak ang binungkal na lupa. Alinsunod din sa kamalayan ng kababaihan ang paglahaok sa produksyon at pakikibaka para sa lupa..."

Lumalim pa ang takbo ng talaka-yan, nagbahagi pa si Ka Inday ng mayaman nilang karanasan sa anti-pyudal na pagpapakilos. Hasa sa kilusang masa, mataas ang moral at handa sa higit na pagpapataas ng antas ng kanilang organisasyon at pagkilos si Ka Inday. Nangingiting nakikinig ang asawa niya na aktibo rin sa kilusan. **SP**



Ka Yeng

**Pulang mandirigma
BHB-Eastern Visayas**

Si Kasamang Yeng, 18 taong gulang, ay isa sa mga kabataang tumugon sa panawa-gan ng komiteng rehiyon ng Partido Komunista (PKP) sa Eastern Visayas na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) pagkatasop ng Yolanda. Pero hindi ganun kasimple ang dinaanan niyang buhay bago siya sumapi sa tunay na hukbo ng bayan.

Isa sa mga responsableng kadre sa hukbong bayan ang tatay ni Yeng. Noong apat na taong gulang pa lamang siya ay napatay ang kanilang ama sa isang labanan. Sa murang edad niya noon ay hindi niya maunawaan o matanggap ang trahedyang dumating sa kanilang pamilya. Sinundan ito ng pagkakasalbeyds ng *death squad* ni Gen. Jovito

Palparan sa kapatid na lalaki ng kanyang ina.

Kahit silang mga bata na wala-pang kinalaman sa rebolusyonaryong kilusan ay ginigipit ng mga pasistang militar. Dahil sa mga harasment na ito, napilitang tumigil sa pag-aaral sa hayskul ang kanyang ate at naghanap na lamang ng trabaho sa Maynila. Patigil-tigil din si Yeng sa pag-aaral sa elementarya.

Matatag na tinanggap ng kani-lang ina ang mga personal na trahedyang ito. Isang araw, nag-paalam ang kanilang matandang kapatid na lalaki na sasampa na ito sa BHB. Susundan niya ang landas na tinahak ng kanyang martir na ama at isa pang tiyuhin. Malungkot noon si Kasamang Yeng dahil sa palagay niya ay tila nagkawatak-watak na ang kani-

lang pamilya.

Pero nabago ang lahat ng ito nang dumaan ang superbagyong Yolanda noong Nobyembre 8, 2013. Sa pagsama-sama sa Auntie niya sa mga rali-protesta sa mga syudad ay namulat siya sa tunay na mga isyu tungkol sa Yolanda. Aktibo ang kanyang Auntie sa People Surge, ang alyansang organisasyon ng mga biktima ng Yolanda. "Kaya nakapagdesisyon akong magpultaym sa BHB dahil nakita ko ang pangangailangan dito," sabi niya.

"Nakita ko mismo na kulang na kulang ang ayudang *relief* ng gubyrerno. Makupad talaga. Limang araw muna ang lumipas bago makarating ang mga ayuda para sa mga biktima. Kaya narami ang nagugutom," sabi ni Kasamang Yeng.

Nang pasamahin siya nang kanyang Auntie sa mga rali ay nakita at narinig niya ang mga hinaing ng mga tao. Kailangan nilang mabigyan ng tulong na pagkain, bahay na matitirhan.

"Masaya ako sa pagsali sa mga pagkilos sa syudad dahil naramdaman kong tumutulong ako hindi lamang sa sarili kong pamilya kundi para sa kapakanan ng lahat."

Iyon ang dahilan kung bakit nagdesisyon siyang magpultaym sa BHB nang makaabot siya ng 18 taong gulang noong Mayo 16. Una muna ay sumama si Kasamang Yeng sa 10-araw na programang integrasyon ng mga kabataan sa isang subrehiyon ng Samar. Hindi na siya umuwi nang matapos ang apat na araw na integrasyong iyon.

Noong simula ay nahirapan siyang intindihan ang mga salita ng mga kasama laluna sa kalaliman ng mga ipinupunto nila. "Kaya nag-aral ako tulad ng pag-aaral ko sa labas ng sonang gerilya. Inalam ko kung ano ang ibig sabihin ng mga sinasabi nila.

Tungkol sa mga naranasan ko sa loob ng hukbo: "Minsan sa aming pagkain ay wala kaming ulam kundi asin lang. Pero nakita ko na ang mga kasama ay masaya pa rin. Kung sa paglalakad naman, laluna kung gabi, ang naranasan ko ay ang paglalakad

sa dilim. Hindi kami gumagamit ng "ispat" (*flashlight*), kaya minsan natutumba ako, sabi ni Kasamang Yeng.

Natatawa na lang ako. Tuloy lang ang paglakad...sige lang, *go* lang.. dahil itong mga sakripisyo ay para sa kapakanan ng lahat. Naranasan ko rin ang pag-akyat sa mataas na bahagi tulad ng *palanas* (bangin). Hinihinal ako dahil sadyang mahirap itong daanan.

Naranasan ko na rin ang pagsali sa isang TO (taktikal na opensiba). Sa isang TO noon, may pangangailangan sa aming tim na makapwesto sa isang pusisyon para *ma-out-flank* ang kaaway. Pero dahil katatapos ko lang kumain nang tumakbo kami ay sumuka ako pagdating sa ibabaw ng mataas na tereyn. Tuluy-tuloy pa rin ang aking pagmamaniobra.

Kailangan talaga ang mabilis na pagkilos at pagpupursige. Dapat matatag na magpursige kahit walang pagkain at walang *flashlight* sa paglalakad tuwing gabi.

Naranasan ko na rin ang pagbibigay ng pag-aaral sa hanay ng mga kabataan. Natutuwa akong makapagturo sa mga kabataan para mahikayat silang tumulong sa kilusan. Nakita ko na rin sa kanila sa pamamagitan ng pagpapalitan ng mga karanasan, ang hirap nilang kalagayan.

Pangarap ko talaga na maging mulat din sila sa kanilang kalagayan.

Noon, tulad din ako ng mga ordinaryong tinedyer walang pakialam sa mga nangyayari sa paligid. Pero, ani Kasamang Yeng, narito na siya sa piling ng maraming tao na dapat turuang lumaban para sa kanilang kapakanan. Masipag na nagbabasa si Yeng ng mga dokumento tulad ng HKKRP, Araling Aktibista, Eskom (Espesyal na Kursong Masa), mga isyu ng *Ang Bayan at Larab* (ang upisyal na pahayagang masa ng Eastern Visayas).

"Hilig ko talaga ang magbasa."

Marami ang aking mga plano sa hinaharap. Magpapatuloy ako dahil gusto kong maka-

tulong. Ikalawa, sa kanayunan din nanggaling ang aking mga kamag-anak. Kaya parang nasa dugo na namin ito. Magpapatuloy ako para maipakita ko sa aking mga kamag-anak na ako ay mata-tag at tumutulong sa masa.

Ilang araw pagkatapos namin mainterbyu si Ka Yeng ay nagkita na sila ng kanyang kuya na si Kasamang Kiko. Ilang taon ding nawalay sa isa't isa ang magkapatid mula nang sumapi si Kasamang Kiko sa BHB. Nakatalaga noon si Kasamang Kiko sa ibang yunit kaya hindi agad sila nagkita ni Ka Yeng.

“Masayang-masaya ako dahil dalawa na kami ni Yeng ang magpapatuloy sa lanas na iniwan ng aming ama,” sabi ng kuya ni Kasamang Yeng.

Sa ngayon, gumagampan si Kasamang Yeng ng gawaing pinansya at lohistika ng iskwad sa kinatalagahan niyang platoon ng BHB. Dito niya ibinubuhos ang kanyang talino at tapang para sa kala-yaan at hustisya na malaon nang ipinagkakait sa mga magsasaka, mangingisda at iba pang inaapi at sinasaman-talahang patriyotikong sektor ng lipunang Pilipino. **SP**



Ka Maui at Ka Santos

**Pulang mandirigma
Nonito Aguirre Command
BHB-Panay Island**

Kabilang sina Ka Maui at Ka Santos sa mga Pulang mandirigma na nasa unahan ng pagtulong sa mamamayang sinalanta ng bagyong Yolanda noong Nobyembre 2013. Nakapaloob sila sa platoon ng BHB sa Eastern Panay, isa sa mga lugar na hinambalos ng superbagyo.

Nakapanayam ng Sine Proletaryo ang dalawang Pulang mandirigma nitong Oktubre. Ikinuwento ng dalawa na nakisilong noon ang yunit nila sa bahay ng isang magsasaka nang humagupit ang bagyong Yolanda. Isinalaysay nila

kung papaano sila nagtulong-tulong na hawakan ang bubong ng kubo na malao'y nabitawan din sa lakas ng hangin.

Matapos ang bagyo, maagap na tinasa ng Hukbo ang pinsala idinulot nito. Kaagad nilang binuo ang plano sa pagtulong sa mga baryo, laluna na sa pagpapasikad ng produksyon.

“Nag-usap kaagad ang mga *kaupod* (kasama) para pagplannuhan ang pagtulong (gaya ng) pagkumpuni sa mga nasirang bahay, paghawan ng mga nasirang daanan dahil sa kapal ng putik. Nagpatawag ng masamiting ang mga tagabaryo para pag-usapan ang mga

nawalang yero, nawasak na mga tubigan at mga haligi ng bahay. Ni isang katiting o piso na tulong ay wala kaming hiningi sa masa.”

Hindi matatawaran ang laki ng ginampanang papel ng mga Pulang mandirigma sa pagtulong sa mga nasalanta ng bagyong Yolanda noong nakaraang taon. Sa humigit-kumulang isang buwan mula nang humambalos ang bagyo, araw-araw silang nasa baryo para tumulong sa mga nasalanta. Ipinamalas nila ang diwa ng paglilingkod sa masa.

Hindi lingid kina Maui at Santos na nasalanta rin ang kanilang mga kaanak na malapit lang sa lugar nila. Nabahala sila hinggil sa nangyari sa kanilang mga pamilya dahil nasaksihan nila ang pinsaalng idinulot ng bagyo sa mga baryong kanilang tinutulungan.

Gusto sana noon ni Ka Santos na umuwi muna para tumulong dahil nabalitaan niya na natumba ang kanilang bahay. “Sumandig ako sa tiwala ng Partido at rebolusyon dahil mayroong organisasyon sa aming baryo at hindi naman pababayaan ang aking pamilya,” wika pa ni

Santos. Sa panig naman si Maui, tiwala siya dahil ang kanyang pamilya ay aktibong kumikilos at tiyak nakagawa na sila ng mga paraan kung paano makakaagapay.

Naging inspirasyon ng dalawa ang malugod na pagtanggap sa kanila ng masa habang tumutulong. “Itinuon namin ang pagtulong sa pagkukumpuni ng mga bahay at pagsasalba sa mga naaning produkto.”

Nakita nila na wala nang ibang sasandigan ang masa kundi ang kanilang sarili at ang hukbong bayan. Malayung-malayo ito sa ibinigay na tulong ng reaksyunaryong gubyrno (na namigay ng mga si-rang pagkain at mabahong bigas) na labis-labis ang pagkaantala (halos tatlong buwan na matapos ang bagyo). Malala pa, tuluy-tuloy ang mga operasyong militar sa erya na naging abala sa pagsisikap ng mga tao na makabangon.

Ang mahigpit na pagkakaisa ng hukbong bayan at ng mamamayan ang dahilan kung bakit patuloy na sumusulong at lumalakas ang Bagong Hukbong Bayan. **SP**

